

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuarter 1

Aralin

5

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8
Kuarter 1: Aralin 1 (Linggo 5)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Rizza Capangyarihan Cortez

Tagasuri:

- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY ARALIN

ARALING PANLIPUNAN , UNANG MARKAHAN, IKALIMANG LINGGO, BAITANG 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay daan sa pagkakakilanlan at pagtugon sa nagbabagong kapaligiran
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng interaksyon ng tao at kapaligiran
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	<i>Mga Kasanayan</i> A. Natataya ang epekto ng estrukturang panlipunan sa pag-unlad ng pamumuhay ng tao. 1. Naipaliliwanag ang estrukturang panlipunan ng Sumerian at Egyptian at ang mga implikasyon nito. 2. Natatalakay ang Sistemang Varna/Caste at ang implikasyon nito sa lipunan ng mga Hindu. 3. Nahihinuha ang mga implikasyon/epekto ng estrukturang panlipunan sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao noon at ngayon.
D. Nilalaman	Estrukturang Panlipunan sa Iba't ibang Bahagi ng Asya at Daigdig 1. Lipunang Sumerian at Egyptian 2. Sistemang Varna/ Caste
E. Integrasyon	Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment) Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Ancient Egypt. (n.d.). <https://www.Ancient-Egypt-Online.Com/Ancient-Egypt-Social-Structure.Html>
 Egyptian Social Classes. (n.d.). <https://www.Historyonthenet.Com/Egyptian-Social-Classes>.
 Ferguson. (n.d.). Sumerian Society. <https://Study.Com/Academy/Lesson/Ancient-Sumerian-Social-Class-System.Html>.
 Madan, T. (2024, March 1). Caste | Social Stratification & Inequality. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/caste-social-differentiation>
 Sumer Social Class: Navigating Ancient Hierarchy. (n.d.). <https://www.Timelessmyths.Com/Culture-People/Sumer-Social-Class/>.
 The Indian Caste System. (n.d.). <https://www.Asiahighlights.Com/India/Caste-System>.

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

Unang Araw

1.Maikling Balik-aral.

Panuto:Punan ang mga patlang ng nawawalang titik upang mabuo ang mga konsepto.

M _ _ _ _ _

1.Lupain sa pagitan ng Dalawang Ilog.

Y _ _ _ _ _

P _ _ _ _ _

2.Sa rehiyon na ito namayani ang kabihasnang Maya.

D _ _ _ _

C _ _ _ _ _

3.Katawagan ng mga Kanluranin sa Africa dahil hindi agad ito nagalugad.

P _ _ _ _ _

4.Ito ay nangangahulugang maraming isla.

C _ _ _ _ _

5.Sa lugar na ito nagsimula ang sibilisasyong Aegean na tinawag na

Maaring magdagdag pa ng iba pang impormasyon ang guro mula sa nakaraang paksa na tinalakay.

Sagot

- 1.Mesopotamia
2. Yucatan Peninsula
- 3.Dark Continent
- 4.Polynesia
- 5.Crete


	Kabihasnang Minoan.	
B. Paglalahad ng Layunin	1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin SONG ANALYSIS.Pakinggan ang awiting “TATSULOK” awitin na pinasikat ng mang- aawit na si Bamboo. <u>Tatsulok Lyrics</u> Totoy, bilisan mo, bilisan mo ang takbo Ilagan ang mga bombang nakatutok sa ulo mo Totoy, tumalon ka, dumapa kung kailangan At baka tamaan pa ng mga balang ligaw Totoy, makinig ka, wag kang magpagabi Baka mapagkamalan ka't humandusay diyan sa tabi Totoy, alam mo ba kung ano ang puno't dulo Ng di matapos-tapos na kaguluhang ito? Hindi pula't dilaw, tunay na magkalaban Ang kulay at tatak ay 'di siyang dahilan Hanga't marami ang lugmok sa kahirapan At ang hustisya ay para lang sa mayaman [Chorus] Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok 'Di matatapos itong gulo Iligtas ang hininga ng kay raming mga tao At ang dating munting bukid, ngayo'y sementeryo Totoy, kumilos ka, baliktarin ang tatsulok Tulad ng dukha, nailagay mo sa tuktok Hindi pula't dilaw, tunay na magkalaban Ang kulay at tatak ay 'di siyang dahilan Hanga't marami ang lugmok sa kahirapan At ang hustisya ay para lang sa mayaman Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok 'Di matatapos itong gulo Hindi pula't dilaw, tunay na magkalaban Ang kulay at tatak ay 'di siyang dahilan Hanga't marami ang lugmok sa kahirapan At ang hustisya ay para lang sa mayaman [Chorus] Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok 'Di matatapos itong gulo Habang may tatsulok at sila ang nasa tuktok 'Di matatapos itong gulo [Outro] 'Di matatapos itong gulo Gabay na Tanong 1.Ano ang nais iparating ng awitin? 2.Ano ang nais ipakahulugan ng salitang “Tatsulok”? 3. Anu ano ang mga nabanggit na maaaring maganap kung may pagkakahati hati ang lipunan? 2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Gawain 1.PUZZLE.Buoin ang mga salitang nasa Flash Card.Matapos mabuo ito ay ibigay ang kahulugan nito. 1.NAVAR 2.TIJA 3.SUMERIAN	Maaaring ipapanood ng guro ang awitin na nasa youtube. https://www.youtube.com/watch?v=hI3T_D8TCUk <u>Maaaring magdagdag ng iba pang impormasyon ang guro tungkol sa nga konsepto na nabuo bilang panimula ng aralin.</u> <u>Kasagutan</u> 1.VARNA

	4.PINALI 5.RIHA 6.RAOHPHA Gabay na tanong 1.Isang panlipunang uri batay sa hanapbuhay at ang papel na ginagampanan ng isang tao sa lipunang Hindu. 2. Isang katayuan na itinalaga sa isang tao sa pagsilang na ipinasa sa buong pamilya. 3.Ito ang tawag sa unang pangkat na nanirahan sa lungsod ng Uruk. 4. Ito ang tawag sa pinakamababang uri ng tao sa lipunan ng Sumerian at Egyptian. 5. Ito ang tawag sa pinakamataas na uri ng tao sa lipunan ng Sumerian. 6. Ito ang pinakamataas na uri ng tao sa lipunan ng Egyptian.	2. JATI 3. SUMERIAN 4.ALIPIN 5.HARI 6.PHARAOH
C. Paglinang at Pagpapalalim	Ikalawang Araw Kaugnay na Paksa 1 : Estrukturang Panlipunan sa Iba't ibang Bahagi ng Asya at Daigdig (Lipunan Sumerian,Egyptian at Sistemang Varna) SUMERIAN Ang mga unang lungsod sa mundo ay lumitaw sa timog Mesopotamia, sa isang rehiyon na tinatawag na Sumer, na ang unang lungsod sa mundo ay ang lungsod ng Uruk ng Sumerian. Ang lipunan ng Sumerian ay mahigpit na naayos sa isang	<i>Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:</i> • <i>Humanapa ng litrato ng Sumerian Social Construct</i>

istrakturang may mga hari at pari na namumuno sa tuktok. Ang mga ito ay gumagamit ng pampulitika at relihiyosong awtoridad upang makontrol ang lipunan at mapanatili ang kaayusan sa kanilang kumplikadong mga lungsod. Sa ibaba nila ay isang maliit na gitnang uri, na binubuo ng karaniwang mayayamang mga mangangalakal, mga artisano, at mga eskriba na namamahala sa mga produkto, ideya, at mga patakaran na gumagalaw sa lungsod. Sumunod rito ay ang uring manggagawa, mga manggagawang nagtatrabaho sa lungsod para sa pamahalaan o sa kanilang sariling mga bukid.

Amanda Ferguson.(2023)[Read Sumerian Society | Structure, History & Facts Lesson](#)

EGYPTIAN



<https://www.historyonthenet.com/egyptian-social-classes>

Anong mga uri ng lipunan ang bumubuo sa lipunan ng Egypt? Ang sinaunang istrakturang panlipunan ng Egypt ay binubuo ng anim na pangunahing uri ng lipunan ng Egypt. Sa tuktok ng hierarchy ay ang pinuno, o pharaoh. Karamihan sa mga pharaoh ng sinaunang Egypt ay mga lalaki, ngunit mayroong ilang napakalakas na babaeng pharaoh. Nang mamatay ang pharaoh, ang kapangyarihan sa dinastiya

Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:


- *Humanapa ng litrato ng Egyptian Social Construct*

Ang paksa na ito ay maaaring ituro sa loob ng 2 araw. Magkakaroon ng pangkatang gawain ang buong klase. Maaring italaga ng guro ang paksang tatalakayin ng

ay ipinasa sa pamamagitan ng bloodline ng pamilya, kadalasan sa panganay na anak na lalaki. Ang sumunod na makapangyarihang mga grupo ay ang matataas na opisyal ng pamahalaan, at pagkatapos ay ang mga maharlika at pari, na hinirang ng pharaoh. Ang mga kawal at eskriba ang sumunod na uri ng lipunan, na sinundan ng mga mangangalakal at artisan. Sa ilalim ng hierarchy ay ang mga magsasaka at ang mga alipin.

Egyptian Social Classes. (n.d.). <https://www.historyonthenet.com/Egyptian-Social-Classes>.

SISTEMANG CASTE



<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Tamil-castes.png>

Ang sistema ng caste ng India ay nahahati sa dalawang uri: varna at jati. Ipinapaliwanag ng Manu-smriti ang mga karapatan at obligasyon ng bawat isa sa Indian caste system at pinagsasama ang relihiyon at sekular na mga aspeto ng buhay sa isang malaking kabuuan.

- Varna - Isang panlipunang uri batay sa hanapbuhay at ang papel na ginagampanan ng isang tao sa lipunang Indian. Mayroong apat: Brahmins, Kshatriyas, Vaishyas, at Shudras. Ang pinakamababang antas ng lipunang Indian,

bawat pangkat o kaya naman ay maaaring daanin sa palabunutan. Ibahagi sa klase na bigyan ng diin ang mga naging gampanin ng mga bumubuo sa lipunan.

Maaring rin na magdagdag pa ng ibang mahahalagang impormasyon ang guro mula sa [Read Sumerian Society | Structure, History & Facts Lesson](https://www.historyonthenet.com/egyptian-social-classes)
<https://www.historyonthenet.com/egyptian-social-classes>

Maaari rin na gumamit pa ang guro ng iba pang mga larawan na kaugnay ng paksa. Tanggapin ang lahat ng sagot ng mag-aaral sa mabubuong Data Retrieval Chart

Ang guro ay maaari pang magdagdag ng mga impormasyon sa mga gawaing gagawin ng mag-aaral.

<https://study.com/learn/lesson/caste-system-definition-history.html>

<https://www.worldhistory.org/article/483/ancient-greek-society/>

	ang "Dalits" ay pinalayas at nadiskrimina. Ang mga ranggo na ito ay ibinigay batay sa mga kasanayan at talento sa lipunan ng isang tao, na hindi itinalaga sa kapanganakan. Ang mga Varna ay nilikha ng lipunang Indian. • Jati - isang katayuan na itinalaga sa isang tao sa pagsilang na ipinasa sa buong pamilya. Ang Jati ay mga pangkat na nilikha ng mga diyos. Hindi mababago ng isang tao ang kanilang posisyon sa caste na ito, ngunit ang mga antas sa sistema ng jatis ay nagbago ng maraming beses sa paglipas ng mga taon batay sa mga pag-unlad sa lipunan. Ang <i>hierarchy</i> na ito ay nag-iiba-iba sa pagitan ng mga lokal na komunidad, at ang mas mababang jatis ay maaaring umakyat sa hierarchy bilang isang grupo, kung minsan ay pinagsama pa sa mas mataas na jati, na ipinapasa ang pangalan at reputasyon nito sa kanilang mga inapo. Ang Jatis ay kumikilos bilang isang napakalaking pinalawak na pamilya. Isa rin silang kultural na lehitimo na grupo ng interes na nagtutulungan upang isulong ang kanilang mga agenda sa pulitika at ekonomiya. Naniniwala ang mga kritiko na ang sistema ng caste ng India ay humahadlang sa kaunlaran ng ekonomiya ng mga komunidad at nililimitahan ang demokrasyang pampulitika. Gayunpaman, natuklasan ng mga iskolar at mananaliksik na alinman sa mga ito ay hindi totoo, sa pangkalahatan. Nang ang British Empire ay dumating sa India noong 1860 at itinatag ang kanilang Raj, nalaman nila na ang sinaunang Indian caste system ay maayos na hinati ang mga tao sa mga grupo. Sinamantala nila ito, na lumikha ng apat na pangunahing kasta. Ang sistemang ito ay ganap na nabuo noong 1920, at nang ideklara ng India ang kalayaan nito noong 1947, nagpatuloy ang binagong sistema ng caste na ito. • Brahmin - Mga Pari; may pinakamataas, pinaka iginagalang na pagkakakilanlan sa lipunang Indian, at sa gayon ay may lahat ng mga pribilehiyo, kasama ang Kshatriya. Ang mga Brahmin ay may awtoridad sa relihiyon sa Vaishya at Shudra. Sila lamang ang nagtataglay ng kaalaman sa mga diyos, at alam nila ang mga ritwal na ninanais ng mga diyos. • Kshatriya - Mga Pinuno at Mandirigma; may sekular na awtoridad sa Vaishya at Shudra, at ginagamit nila ang awtoridad na ito sa pakikipag-ugnayan sa mga Brahmin. Sila rin ay nagsisilbing pisikal na tagapagtanggol sa mga brahmin. • Vaishya - Mangangalakal, Magsasaka, at Mangangalakal • Shudra - Mga mababang lingkod.	
--	--	--

Bagama't mayroon lamang apat na antas, maraming tao ang itinuturing na "ikalima" na antas: ang mga Dalit. Sila ang pinakamababa sa lipunan dahil sila ay itinuturing na mga outcast.

Madan, T. (2024, March 1). *Caste | Social Stratification & Inequality*. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/caste-social-differentiation>

1.Pagproseso ng Pag-unawa.

VIDEO WATCH.Pangkatang Gawain.

Panoorin ang video bilang panimula sa aralin. Itala ang mga mahahalagang impormasyon upang mabuo ang data retrieval chart sa susunod na gawain.

Unang Pangkat-Estrukturang Panlipunan ng Sumerian-

<https://www.youtube.com/watch?v=nBqoJb3EaoQ>

Ikalawang Pangkat-Estrukturang Panlipunan ng Egyptian

<https://www.youtube.com/watch?v=p8dfc1AKJPk>

Ikatlong Pangkat-Sistemang Caste/Varna

<https://www.youtube.com/watch?v=RCncmprntfY>

Ikatlong Araw

2.Pinatnubayang Pagsasanay

Pangkatang Gawain.Manatili sa pangkat,mula sa napanood na video,ilagay sa Data Retrieval Chart ang mga hinihinging impormasyon upang mabuo ang talahanayan.Pumili ng dalawang mag-aaral mula sa pangkat na magbabahagi ng nabuong talahanayan.Gamitin ang mga gabay na tanong sa pagbabahagi/pag-uulat sa klase.

Data Retrieval Chart

Lokasyon	Klima	Lipunan	Ekonomiya	Pulitika	Sining	Paniniwala	Implikasyon sa Kasaysayan at kasalukuyan


--	--	--	--	--	--	--	--

Gabay na Tanong

- 1.Sinu sino ang bumubuo sa estrukturang panlipunan ng mga Sumerian, Egyptian, at (Hindu) Caste
2. Paano nakaapekto ang lokasyon at klima sa kabuhayan ng tao at pag-usbong ng sibilisasyon?
3. Anu ano ang mga tungkulin na ginagampanan ng bawat tao batay sa kinabibilangan nilang estruktura?
- 4.Batay sa estrukturang panlipunan ng mga nabanggit, paano nito naaapektuhan ang kanilang lipunan,ekonomiya,pulitika,sining at paniniwala?
- 5.Ano ang naging impikasyon ng mga estrukturang panlipunan na ito sa kasalukuyang panahon, ito ba ay maaring iugnay sa karanasan natin ngayon?

3.Paglalatapat at Pag-uugnay

Venn Diagram.Tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga Sumerian, Egyptian, at Hindu.



D. Paglalahat


Ikaapat na Araw

1. Pabaong Pagkatuto

Gawain 1. Bubuo ng dialogue sa nakahandang komik strip upang ipaliwanag ang NAPILING ISANG LIPUNAN mula sa aralin na maaring iugnay sa karanasan bilang Pilipino. Tiyakin na mailalahad ang dahilan kung bakit natatangi ang lipunang napili. Punan lahat ang anim na *thought bubble*.

Simulan ang pangungusap sa mga salitang:

“Ang lipunang _____ ay inihahalintulid ko sa ating lipunang Pilipino sapagkat_____”.



Link para sa komik strip

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Comic_book_page_1_tem..jpg

2. Pagninilay sa Pagkatuto

Gawain 1.Slogan Making. Mula sa mga natutuhang implikasyon/epekto ng istraktura ng lipunan ng Sumerian, Egyptian, at Hindu, bumuo ng slogan

Maaring gawin ang mga gawain na ito sa Ikaapat Araw.

Maaring gawin ang mga gawain na ito sa Ikaapat araw.

	tungkol sa kahalagahan ng istraktura ng lipunan ng Pilipino sa kasalukuyan na ating tinatamasa ngayon.	
--	--	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Maikling Pagsusulit Panuto. Punan ang patlang ng wastong salita upang mabuo ang diwa ng talata. Panuto.TAMA O MALI. Isulat sa patlang kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong kaisipan at kung mali palitan ng wastong sagot ang mga salitang may salungguhit upang maitama ang pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang na nasa unahan ng bawat bilang. _____ 1. Ang sistema ng caste ng India ay nahahati sa dalawang uri: <u>varna at jati.</u> _____ 2. Ang Jati ay mga pangkat na nilikha ng mga <u>tao.</u> _____ 3. Ang <u>Varna</u> ay isang panlipunang uri batay sa hanapbuhay at ang papel na ginagampanan ng isang tao sa lipunang Indian. _____ 4. Ang <u>Vaishyas</u> Sila rin ay nagsisilbing pisikal na tagapagtanggol sa mga brahmin. _____ 5. Ang lipunan ng Sumerian ay mahigpit na naayos sa isang istrukturang may mga <u>hari at pari</u> na namumuno sa tuktok. _____ 6. Ang mga <u>alipin</u> ay gumagamit ng pampulitika at relihiyosong awtoridad upang makontrol ang lipunan at mapanatili ang kaayusan _____ 7. Ang <u>uring manggagawa</u>, mga manggagawa na nagtatrabaho sa lungsod para sa pamahalaan o sa kanilang sariling mga bukid. _____ 8. Ang sinaunang istrukturang panlipunan ng Egypt ay binubuo ng <u>anim</u> na pangunahing uri ng lipunan ng Egypt. _____ 9. Kapag ang pharaoh ay sumakabilang buhay, ang kapangyarihan sa dinastiya ay ipinasa sa pamamagitan ng <u>bloodline</u> ng pamilya, kadalasan sa <u>panganay na anak na lalaki.</u> _____ 10. Ang pinakamataas na pinuno ng Ehipto ay tinatwag na <u>emperador.</u>	Kasagutan 1. Tama 2. Mali-Diyos 3. Tama 4. Mali-Kshatriya 5. Tama 6. Mali- hari/pari 7. Tama 8. Tama 9. Tama 10. Mali-Pharaoh

	2,Ipaliwanag ang iyong saloobin tungkol sa mga sinaunang istraktura ng lipunan, may naobserbahan ka ba sa kasalukuyang lipunan ng Pilipinas na naayon sa mga ito? Katanggap-tanggap ba ito, bakit?(10 puntos) 2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Pag-aralan ang lipunang Greek iba pang sinaunang lipunan nito. Sanggunian <u>Danielle Hines</u> (June30,2023)https://historydisclosure.com/what-were-the-social-classes-in-ancient-greece/ Mark Cartwright ,Ancient Greece May 15,2018 https://www.worldhistory.org/article/483/ancient-greek-society/			
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	<i>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</i> <i>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</i>
	Estratehiya			
	Kagamitan			
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral			
	At iba pa			
C. Pagninilay	Gabay sa Pagninilay: ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing

	▪ <u>Mag-aaral</u> Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral? ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?	<i>input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</i>	
--	---	---	--